BRAMPTON

**Media Release**

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Mayor ng Lungsod ng Brampton na si Patrick Brown isiniwalat ang pinanukalang 2024 Badyet

*Ang 2024 Badyet ay nagbabase sa pakinabang ng Brampton na tumutuon sa Transportasyon at pangangalagang Pangkalusugan*

BRAMPTON, ON (Nobyembre 29, 2023) – Sa araw na ito, si Patrick Brown, Mayor ng Lungsod ng Brampton ay inihain ang kanyang unang badyet ng mayor sa ilalim ng bagong panlalawigang lehislasyon, ang *Strong Mayors, Building Homes Act, 2022.* Ang opisyal na balangkas ng 2024 badyet ay available ngayon para sa feedback mula sa mga residente at negosyo bilang isang napakahalagang hakbang sa pagsulong nito.

Nakatuon sa *Pagtatayo sa Pakinabang ng Brampton (Building the Brampton Advantage)*, ang badyet na ito ay nagtatampok ng napakahalagang mga pamumuhunan na naglalarawan sa commitment ng Mayor at Konseho sa pagbalanse ng paglago ng ekonomiya sa mahalagang mga pamumuhunan sa pampublikong transportasyon, pangangalagang pangkalusugan, libangan, sa kapaligiran, mga daan at imprastraktura at kaligtasan ng komunidad.

Bawat taon, ang taunang badyet ay tumutukoy sa mga prayoridad, layunin at inisyatiba na nagtitiyak na ang Lungsod ay namumuhunan sa mga prayoridad na mahalaga sa mga residente. Hinubog gamit ang ekstensibong pakikilahok ng komunidad at feedback mula sa telephone town hall bago ang badyet na may higit sa 5000 residente, mga coffee chat kasama ang mga Konsehal ng ward sa buong Lungsod, at isang business roundtable, ang badyet sa taon na ito ay naaayon sa strategic na plano ng Lungsod at nagko-commit sa pinakamalaking pamumuhunan sa komunidad.

Ang mga pampublikong delegasyon at mga talakayan ng Konseho ay magsisimula sa Martes, Disyembre 5.

**Mga Highlight ng 2024 Pinanukalang Badyet**

*Pagiging Abot-kaya at Kahusayan ng Serbisyo*

- Sa 1.9%, nagagawa ng Lungsod na ihatid ang pinanukalang dagdag sa buwis sa porsyon ng Lungsod sa tax bill na mas mababa sa rate of inflation ng Septyembre 2023 (3.8%). Ang dagdag na ito ay mas mababa sa kalahati ng Dagdag sa Rehiyon ng Peel (4.5%) at mas mababa sa Lungsod ng Mississauga (2.3%), at pinakamababa sa GTA,
- $139M – pinakamalaking kontribusyon sa mga reserve, kinabibilangan ng mgamlevy upang panatilihing nasa sustenableng mga antas ang mga bus ng Lungsod, nga daan, at sentrong libangan, mga pampublikong espasyo, at iba pang mga asset ng

imprastraktura. Ang karamihan ay mapupunta sa pagsustine at pagpapaganda ng ating imprastraktura.

- $913M Operating Budget, $544M Kapita na Badyet = $1.5B sa kabuuan

*Pangangalagang Pangkalusugan*

- Ang Lungsod ay nagtayo na ng reserbang pondo na higit sa $74M (Set. 2023) tungo sa lokal na parte ng Lungsod na $125M
- Pagpapatuloy ng 1% levy ng ospital upang suportahan ang konstruksiyon ng ikalawang ospital para sa Brampton at isang bagong cancer care centre
- Suporta para sa bagong paaralang medikal

*Transportasyon*

- Pagbili at refurbishment ng mga bus: $78.4 milyon
- Pagpapalawan ng serbisyo ng Brampton Transit Zum sa Bramalea Road Corridor: $3.8 milyon
- 108,500 Mga Oras ng Serbisyo ng Bagong Transit
- 136 na mga Bagong Operator ng Transit

*Libangan*

- Kontruksyon ng Embleton Community Centre: $79.8M
- Konstruksyon ng Howden Recreation Centre: $24.2M
- Imprastraktura at programming ng Cricket: $6M
- Konstruksyon ng Century Gardens Youth Hub: $5.5M
- Pagpapaganda ng tennis, kabaddi, pickleball, basketball, dog park at playground: $6.1M
- Memorial Arena Expansion (konstruksyon): $2.5M
- Lawn Bowling sa FCCC: $900,000
- Basketball court at pagpapaganda sa CAA Centre: $375,000
- Artificial Turf Field sa Central Peel: $200,000
- Bago, inklusibong multi-sensory room sa Loafer's Lake Recreation Centre: $100,000

*Kapaligiran*

- Riverwalk Phase One (proteksyon sa pagbaha): $87.3M
- Programa ng insoeksyon at maintenance ng drainage channel: $1M
- Kontrol ng erosyon at istabilisasyon ng streambank: $1M
- Pababaan ang enerhiya at emission sa pamamagitan ng mga energy efficiency program: $215,000
- Pagpapaganda sa mga Hardin ng Komunidad: $100,000
- Mga upgrade sa Chinguacousy Park: $25,000
- Mga stormwater capital improvement: $7.9M

**Tungkol sa Proseso ng Pagbuo ng Badyet ng Brampton**

Ang pinanukalang badyet ay ipinost na ngayon sa website ng Lungsod. Kung nangangailangan ka sa mga dokumentong ito sa kahaliling pormat, pakisumite ang iyong hiling sa accessibility@brampton.ca.

Ang mga pampublikong delegasyon at talakayan ng Konseho ay magsisimula sa Martes, Disyembre 5, na ang huling pag-apruba ng badyet ay pinlano para sa Disyembre 13, 2023.

Ang *Municipal Act, 2001*, ay nagbabalangkas sa kapangyarihan at mga tungkulin kaugnay ng badyet ng Lungsod na ngayon ay ibinigay sa Mayor. Isinasaad ng lehislasyon na ang "*pinuno ng konseho ay, ayon sa mga regulasyon, maghahanda ng pinanukalang badyet para sa Lungsod at ibigay ang pinanukalang badyet sa konseho ng lungsod para pag-isipan ng konseho ng lungsodn.*"

Nagsisimula na ang 30 araw na yugto upang isaalang-alang ng Konseho ang badyet, kung kailan maaaring gamitin ng Konseho ang mga resolusyon upang baguhin ang badyet ng Mayor. Maaaring bawasan ng Konseho ang yugto na 30 araw sa pamamagitan ng resolusyon. Pagkatapos ng 30 araw (o pinaikli), mag-i-expire ang yugto, ipinagpalagay ang Badyet na tanggap (kung walang ipinasang resolusyon ang Konseho na baguhin ang Badyet). Kung resolbahin ng Konseho ang badyet, mayroong 10 araw ang Mayor na pag-isipan ang pagbasura ng resolusyon. Ang anumang pasya ng Mayor na ibasura ang resolusyon ng Konseho ay mag-i-invoke ng 15 araw na yugto para pag-isipan ng Konseho na pangibabawan ang pagbasura ng mayor sa resolusyon sa pamamagitan ng boto na two-thirds ng lahat ng miyembro ng Konseho.

Ang proseso ng taunang badyet ng Lungsod ay nagpapalahok, nagbibigay kaalaman at nag-aabiso sa mga mamamayan ng Brampton sa pamamagitan ng komunikasyon at mga pagsisikap sa pakikilahok, kabilang ang mga telephone town hall, coffee chat, patalastas, mga paglalabas ng balita, social media, at website ng badyet ng Lungsod.

Ang badyet sa taon na ito ay sumusuporta sa Corporate Strategic Plan 2022-2026 ng Lungsod ng Brampton. Ang mahalagang dokumentong ito ay magbibigay ng istruktura upang unahin at ihatid ang pinakamahalaga sa komunidad. Ito ay magiging isang buhay na plano na magtatakda sa konteksto ng mga master plan ng badyet ng Lungsod, mga proyekto, serbisyo, at resource.

**Mga Karagdagang Resource**

Upang rebyuhin ang 2024 Pinanukalang Badyet o upang basahin ang maikling maimpormasyong bersyon ng mga highlight, pakibisita ang www.Brampton.ca/budget.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpresenta sa isang Pagpupulong ng Konseho ng Lungsod, bisitahin ang Lungsod ng Brampton | Konseho at mga Komite | Dumalo sa mga pampublikong miting, lumahok o sumali sa isang komite.

**Quote**

“Nananabik ako na isiwalat ang 2024 badyet, isang strategic blueprint na inilaan sa pagtatayo sa pakinabang ng Brampton. Inuuna ng badyet na ito ang napakahalagang mga pamumuhunan sa transportasyon, pangangalagang pangkalusugan, libangan, kaligtasan ng komunidad, kapaligiran, at mga daan at imprastraktura na tinitiyak ang masagana at masiglang kinabukasan para sa bawat residente ng Brampton. Ipinagmamalaki kong ianunsiyo na ang badyet na ito ay naghahatid ng pinakamalaking kontribusyon sa mga reserve at pinakamababang dagdag sa buwis sa GTA. Napakahalaga ang iyong feedback habang isinapinal namin ang badyet, na naglalarawan sa aming commitment sa nagsasali sa lahat na paglago at isang madaling nakakabangon na komunidad."

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng halos 700,000 tao at higit sa 90,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa X (dating Twitter), Facebook, LinkedIn at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca